

Impormasyon ukol sa pagpapatala sa Nursery atbp.



1 KLASSE NG NURSERY

< **Lisensyadong Day Care Centers etc.** > ... Mag Apply sa pinakamalapit na tanggapan

◆ **Awtorisadong nursery school / awtorisadong institusyon ng bata (nursery center)**

Isang nursery school na tumatanggap ng 0 taong gulang o 1 taong gulang na bata hanggang sa edad bago pumasok sa elementarya.

◆ **Maliit na negosyo sa pangangalaga ng bata / on-site na negosyo sa pangangalaga ng bata**

Nursery school para sa mga batang may edad 0 hanggang 2 taon. Sa pag-abot ng 3 taong gulang , may prosesong gagawin sa pagsasaayos at bibigyan ng prioridad na gamitin ang malapit na lisensyadong daycare center atbp.

◆ **Home-based na negosyo sa pangangalaga ng bata**

Small group childcare na may maximum capacity na 5 bata mula 0 hanggang 2 taong gulang. Sa pag-abot sa 3-taong-gulang, may prosesong gagawin sa pagsasaayos at bibigyan ng prioridad na gamitin ang mga kaakibat na pasilidad. Kinakailangan ang paunang paglilibot bago mag-enroll sa pasilidad.

< **Iba pang pasilidad sa pangangalaga ng bata, atbp** >

... Direktang magpatala sa pasilidad

◆ **Kawasaki certified nursery school**

Ito ay isang pasilidad na nakakatugon sa ilang mga pamantayan ng Kawasaki City, tulad ng laki ng nursery room at ang bilang ng mga tauhan, kahit na hindi ito lisensyado. Mayroong sistema ng subsidy sa bayad sa pangangalaga ng bata (na may mga kondisyon tulad ng mga oras ng pagtatrabaho). Ang mga gumagamit ng Kawasaki certified nursery school nang hindi nag-a-apply para sa isang lisensiyadong nursery school ay nagkakahalaga ng humigit-kumulang 80% ng lahat ng user, at nagtataglay ng mahalagang papel sa mga pangangailangan sa pangangalaga ng bata kasama ng mga lisensyadong nursery school.

◆ **Kindergarten / Certified Children's Garden (bahagi ng Kindergarten)**

Pwedeng pumapasok mula 3 taong gulang. Mayroon ding lugar ng pangangalaga sa bata pagkatapos ng mga oras ng pag-aaral sa iskwelahan.

Mayroong maraming iba pang mga uri ng hindi lisensyadong pasilidad sa pangangalaga ng bata. Alinman sa mga ito, ang kontrata ay direkta sa pagitan ng tagapag-alaga at kinder, kaya kapag nais mag-aaplay, mangyaring kumpirmahin ang kinder tungkol sa pagkakaroon ng mga bayarin sa agpapareserba at ang alituntunin kapag nag-a-apply para sa pag-apruba.



2 TUNGKOL SA APLIKASYON PARA SA LISENSIYADONG NURSERY SCHOOL ATBP.

(1) Sertipikasyon ng benepisyong edukasyon / pangangalaga sa bata

Upang makagamit ng isang lisensiyadong daycare center, mangyaring mag-apply para sa edukasyon / childcare benefit certification upang matukoy kung ang iyong anak ay nangangailangan ng childcare (*) at ang available na oras ng daycare center.

* Sertipikasyon ng pangangailangan para sa pangangalaga ng bata:

Kung ang lahat ng mga magulang ay nasa ilalim ng alinman sa: trabaho, pagbubuntis / panganganak, sakit, pangmatagalang pangangalaga, pagpasok sa paaralan, paghahanap ng trabaho, atbp.

(Mangyaring tingnan ang Hp at detalye sa paggamit na matatagpuan sa tanggapanang pampamahalaan o munisipyo)

(2) Tungkol sa edad ng klase


Ang mga klase ay hinati ayon sa buong edad mula Abril 1 (nag-iiba-iba ang edad ng pagtanggap depende sa nursery school. Ang ilang pasilidad ay walang 0 taong gulang na klase, kaya siguraduhing suriin ito).

(3) Mga oras ng pagbubukas

Karaniwan, ito ay mula 7:00 hanggang 18:00 (o 7:30 hanggang 18:30) at pinalawig na oras ng pangangalaga ng bata mula 7:00 hanggang 20:00. Mangyaring suriin dahil ito ay depende sa nursery/kinder

Mangyaring tandaan na ang ilang mga pasilidad para sa home-based at small-scale childcare ay bukas mula 8:30 hanggang 17:00 at hindi bukas tuwing Sabado.

(4) Daloy ng pamamaraan



※1 Mag-apply sa ward office malapit sa tirahan (kung saan may resident card) bago ang ika-10 ng buwan bago ang buwan na gusto mong gamitin (o ang nakaraang araw ng pagbubukas kung ang ika-10 ay weekend o holiday). Pakitingnan ang "Gabay sa Paggamit" na ibinahagi mula Oktubre bawat taon para sa iskedyul ng mga pamamaraan ng pagpasok sa Abril.

※2 Kung mas marami ang aplikasyon kaysa sa kapasidad ng pasilidad, ibabatay depende sa antas ng pangangailangan ng pangangalaga sa bata bawat tahanan, mamamarkahan ito batay sa pamantayan ng proseso sa paggamit, at bibigyang prayoridad ang mas may pangangailangan at pagpapasyahan ng pasilidad.

- ※3 Ang mga bata na hindi opisyal na napagpasiyahan ay sasailalim sa isang pre-admission na medikal na pagsusuri. Kung nakumpirma na ito, doon pa lamang pagpapasyahan ang posibilidad sa pagpasok at ang bayad sa paggamit mula sa ika-1.
- ※4 Kung hindi makapasok at ma-hold o mapending, ang aplikasyon ay balido sa loob ng isang taon, kapag may nagkancel o nagkaroon ng bakante may proseso upang isaayos ito.
Kung may pagbabago sa address, gustong pasuking kinder/nursery, atbp., o kung hindi nakapasok sa loob ng taon, mangyaring magbigay abiso sa tanggapan.

3 TUNGKOL SA PANSAMANTALANG PANGANGALAGA SA BATA AT PANGANGALAGA SA BATA UPANG MAKAPAG-REFRESH

Para sa mga gustong ipa-alaga ang kanilang mga anak nang walang 3 araw sa isang linggo o paminsan-minsan, mayroong pansamantalang daycare sa mga lisensyadong daycare center at refreshment daycare sa Kawasaki certified daycare center.

◆ Pansamantalang pangangalaga sa bata sa isang lisensyadong daycare

Kinakailangan ang paunang pagpaparehistro (isang nursery lamang) sa mga nursery na nagpapatupad nito. Mangyaring puntahan at kumpirmahin sa nursery sa lalong madaling panahon dahil maaaring hindi ito magagamit dahil sa dami ng aplikante.

Sa mga nursery school sa Kawasaki City, maraming pag-asa para sa mga batang may edad na 0 hanggang 2 taon kumpara sa kapasidad, at madalas ay hindi makapasok ayon sa gusto. Kapag nag-aaplay, inirerekomenda na punan ang gustong pasilidad hangga't maaari ng mas maraming pasilidad at sa loob ng makatwirang saklaw ng tirahan. Gayundin, dahil mahirap baguhin o maglipat ng pasilidad, pakitiyak ang mga oras ng pagbubukas, ruta at distansya mula sa iyong tahanan, atbp. Kung ito ay angkop para sa iyong tahanan. (Sa prinsipyo, ang mga pribadong sasakyan ay hindi maaaring gamitin para sa transportasyon papunta at mula sa nursery.)